

フィリピン語版

Para sa mga nagsasanay na maging internong teknikal

金属製品製造業

金属製品製造業

における外国人技能実習生の安全と健康確保に向けて

(プレス機械の安全対策を中心として)

# Kaligtasan at Kalusugan para sa mga Nagsasanay na maging Internong Teknikal sa Industriya ng Paglikha ng mga Produktong Bakal

(may pagtutok sa pag-iingat sa makinang pang-press)

Habang nasa bansang Hapon, sundin ang mga alituntunin sa kalusugan at kaligtasan upang magkaroon ng kasanayan nang walang pinsala o sakit.

JITCO


# Mga Nilalaman

<b>Q1</b>	Ano ang pag-press? .....	1
<b>Q2</b>	Anu-anong mga panganib ang maaring idulot ng makinang pang-press? .....	2
	ⓄMga panganib na dulot ng makinang pang-press at kung paanong maiiwasan ang mga ito .....	3
<b>Q3</b>	Anu-anong mga kagamitang pangkaligtasan mayroon ang mga makinang pang-press .....	4
	ⓄPangunahing Kagamitang Pangkaligtasan .....	5
<b>Q4</b>	Anu-ano ang mga nararapat gawin at mga dapat iwasan upang matiyak ang kaligtasan? .....	6
	(Listahan para sa Pag-iwas sa Mapanganib na Gawi)	
	ⓄMga Halimbawa ng mga Aksidenteng Pang-industriyal na Kinasasangkutan ng mga Interno (kadalasang sanhi ng mapanganib na gawi) .....	7
<b>Q5</b>	Anu-ano ang mga batayan ng ligtas na pagtatrabaho? .....	8
	ⓄMga Batayan sa Pagtatrabaho nang Ligtas .....	9
<b>Q6</b>	Anong mga pagsusuri ang dapat gawin bago simulan ang pagtatrabaho? .....	10
	ⓄPaliwanag tungkol sa Pagsusuri bago Simulan ang Trabaho .....	11
<b>Q7</b>	Paano dapat isagawa ang pag-press? .....	12
<b>Q8</b>	Anu-ano ang mga dapat bigyang-pansin habang nagtatrabaho? .....	13
<b>Q9</b>	Anu-anong mga pag-iingat ang kailangan sa trabaho maliban sa mga bagay na ukol sa pag-press? .....	14
<b>Q10</b>	Anu-anong mga klase ng pag-iingat ang kailangang gawin sa kapaligiran ng trabaho? .....	15
<b>Q11</b>	Paano ka tumugon sa sakuna? .....	16
	ⓄSanggunian (Paliwanag ng mga mahahalagang salitang may kaugnayan sa pag-press) .....	17

# Q1



## Ano ang pag-press?

- (1) Ikabit ang hulmahan sa slide at bolster ng makina, ang slide ay gumagalaw sa pag-press.
- (2) Ilagay ang materyales sa hulmahan at ilagay ito sa posisyon.
- (3) Paganahin ang makina para ihulma ang materyales na nilagay sa hulmahan  
· Malakas ang pwersang gagalaw ang slide pababa.
- (4) Pagtaas ng slide at pagtigil nito, kunin ang hinulmang produkto.
- (5) Ang gawain mula (1) hanggang (4) ay tinatawag na "gawain sa pag-press."
- (6) Ang pag hulma ng materyales sa hulmahan gamit ang malakas na pwersa sa slide pababa (3) ay tinatawag na "pag-press."
- (7) May mga aksidenteng maaring mangyari kaugnay sa gawaing pag-press na sinasabi sa taas.




# Q2

## Anu-anong mga panganib ang maaring idulot ng makinang pang-press?




Uri ng Kandado




Pananggang walang kandado

(a) Uri ng panangga gamit ang interlock



(b) Operasyong ginagamitan ng dalawang kamay



(c) Operasyong may light beam

Pansamantalang pagkakabukod, mga batayan upang maging ligtas ang "kamay sa hulmahan"

## Mga panganib na dulot ng makinang pang-press at kung paanong maiiwasan ang mga ito

### (1) Anu-anong mga aksidenteng pang-industriya ang nagaganap kaugnay ng mga makinang pang-press?

- Ang pagkaipit ng kamay sa pagitan ng nag-uumpugan ng mga hulmahan ang pinaka madalas na aksidente
- Mag-ingat din sa tumatalsik na mga bahagi ng hulmahan habang ginagamit ang makina.

### (2) Anong mga aksidente ang kaugnay sa pag-uumpugan?

- Magkakaroon ng mga aksidenteng pag-uumpugan kapag nilagay ng opereytor ang kanyang kamay kung saan gumagalaw ang slide sa tuwing naglalagay o nagtatanggal ng materyales.

### (3) Paanong maiiwasan ang aksidenteng dulot ng pag-uumpugan?

- Mahalagang paghiwalayin ang pag-galaw ng makina at pag-galaw ng kamay at siguraduhing hindi magkasabay ang mga operasyong ito.
- May dalawang paraan upang magawa ito, ang malayuang operasyon at de-oras na operasyon.

### (4) Ano ang malayuang operasyon o “walang kamay sa hulmahan” na trabaho?

- Ito ay pag hiwalay sa ginagalawan ng tao mula sa mapanganib na bahaging ginagalawan ng makina
  - ⊙Halibambawa: pag gamit ng mga bakod, ligtas na uri ng hulmahan

### (5) Ano ang de-oras na operasyon (sa “kamay sa hulmahan” na pag-gawa)?


- Ito ay paraan upang maiwasan ang pag-pasok ng kamay sa di ligtas na bahagi habang gumagalaw ang slide
- Mapapanatili ang kaligtasan sa pamamagitan ng dagliang paghiwalay ng oras na gumagalaw ang kamay sa oras na gumagalaw ang slide. Ang sumusunod na kagamitang pagkaligtasan ay ginagamit mag-isa o kasama ng iba pang kagamitan.
  - ⊙Halimbawa: Proteksyon gamit ang interlock, pang dalawang kamay na operasyon, pag-gamit ng light beam.

### (6) Anong mga aksidenteng maaring idulot ng hulmahan?

- Ang pagkasira ng hulmahan ay madalas dahil sa di wastong pagkabit o labis na pag-lagay ng materyales sa hulmahan.
- Ang labis na pag-lagay ng materyales ang nangyayari kapag dalawa o higit pang patas ng materyales ang nilagay sa isang pagkakataon, o kung may mga naiwang bahagi ng materyales ang naiwan sa hulmahan
- Mahalaga ang pagsunod sa tamang pamantayan sa pag-gawa.



### Q3

## Anu-anong mga kagamitang pangkaligtasan mayroon ang mga makinang pang-press



Gamit para sa ligtas na pang-dalawang kamay na operasyon

Pag-control ng operasyon



## ◎Pangunahing Kagamitang Pangkaligtasan

### ◎Balangkas

- (1) Ang pinakamadalas na kagamitang pangkaligtasan na ginagamit ay ang panangga, pang-dalawang kamay na operasyon, at light beam na nakasaad sa baba.
- (2) Kailangang unawain ng lahat ng manggagawa ang layunin at kaanyuan ng mga aparatong pangkaligtasan, at gamitin ang ito nang wasto. Mapapanatili nito ang kaligtasan.

### ◎Mga panangga na kagamitang pangkaligtasan

Balangkas ng kagamitang pangkaligtasan

- Ang kagamitang pangkaligtasan na tumitiyak na gagalaw lamang ang slide kung ang panangga ay nakasarado.

(1) Kapag nagsimula na ang operasyon, gagalaw ang panangga para harangan/takpan ang bahaging mapanganib.

(2) Matapos matiyak na ligtas na ang lahat, saka lamang gagalaw ang slide.

### ◎Gamit na pang-dalawang kamay na ligtaas na operasyon

Balangkas ng kagamitan

- Kagamitang pangkaligtasan kung saan gagana lamang ang makina kung ang parehong kamay ang nakalagay sa posisyon ng operasyon.
- Mahalagang ang operasyon ng makina ay nagagawa habang napapanatili ang ligtas na layo.

(1) Para mapagana ang slide, sabay dapat pindutin ng dalawang kamay ang mga pindutan (di lalampas sa kalahating segundo ang pagitan)

(2) Ang distansya ng pagitan ng dalawang pindutan ay dapat lumampas sa 300 mm

(3) Merong dalawang uri ng makina: ang friction clutch press na gumagamit ng [biglaang tigil na mekanismo, para pangkaligtasan sa isang ikot] at ang positive clutch press na [hindi ginagamit ang biglaang tigil na mekanismo pero umaandar lang pag dalawang kamay ang gamit sa operasyon].

(4) Sa pag-papagalaw ng makina gamit ang pedal, posibleng magkamali at ang kamay ay mailagay sa lugar na tatamaan ng slide habang bumababa ito, kaya mahalagang paganahin ang makina gamit ang dalawang kamay.

### ◎Kagamitang kaligtasan gamit ang light beam

Balangkas ng kagamitan

- Ito ay kagamitang pangkaligtasan na tumitigil sa slide kung may taong nakaharang sa landas ng ilaw o light beam.
- Ang makinang ito ay gumagamit ng pinagsamang light beam at pang-dalawang kamay na operasyon para sistemang pangkaligtasan.

(1) Masusing suriin kung gumagana o hindi ang mga kagamitang pangkaligtasan.

(2) Kailangang tiyakin ang ligtas at sapat na taas.

- Tiyakin na kapag nakatayo ang tao habang nag-tatrabaho, gumagana ang pang-taas na light beam at kapag nakaupo naman ay dapat gumagana ang pang-ibabang light beam.

(3) Para sa mga makinang pang-press na may diretsong tagiliran at may mahabang ligtas na distansya maaring mangyari na ang manggagawa ay lumampas sa light beam, sa ganitong pagkakataon, di na gagana ang light beam at ibayong pag-iingat ang kailangan.

(4) Kapag depektibo ang clutch o iba pang parte ng makina, di gagana ang kagamitang ito pag nangyari ang “double fall” ng slide.

# Q4

## Anu-ano ang mga nararapat gawin at mga dapat iwasan upang matiyak ang kaligtasan?


### ©Umiwas sa mapanganib na gawi

- (1) Maraming aksidenteng pang-industriyal, sampu ng ilang mga malulubhang kaso, ay bunga ng mapanganib na gawi ng mga nagsasanay na maging internong teknikal (tatawaging "mga interno" pagkaraan nito).
- (2) Gamitin ang sumusunod na talasanggunian upang maiwasan ang mapanganib na gawi, at pagsumikapang maging ligtas habang nagtatrabaho.

### (Listahan para sa Pag-iwas sa Mapanganib na Gawi)

Tala	Lagyan ng tsek dito kung totoo
(1) Lubos mo bang nauunawaan ang iyong tungkulin?	<input type="checkbox"/>
(2) Lubos mo bang nauunawaan ang mga patakaran sa gawain?	<input type="checkbox"/>
(3) Nasa makinang pang press ba ang kagamitang pang-kaligtasan at di natanggal, sira, atbp.?	<input type="checkbox"/>
(4) Paglilinis at pagsusuri ng makinang pang-press, atbp. · Ginagawa mo lang ba ang mga gawaing ito habang nakahinto ang makina? · Nagpaskel ka ba ng babala sa makina na nagpapahiwatig na nakahinto ang ito?	<input type="checkbox"/> <input type="checkbox"/>
(5) Bago buksan ang makinang pang-press, nasuri mo ba ang paligid ng makina upang matiyak na ito ay ligtas? Binubuksan mo ba ang makina ayon sa mga nararapat na hudyat?	<input type="checkbox"/>
(6) Kung may kasamang magtrabaho sa makinang pang-press, sumusunod ka ba sa mga wastong hudyat upang tiyakin ang wastong koordinasyon?	<input type="checkbox"/>
(7) Hindi ka ba masyadong malapit sa umaandar na makina o aparato?	<input type="checkbox"/>
(8) Iniwang mo na ang makina o materyales sa ligtas na kalagayan o lugar?	<input type="checkbox"/>
(9) Hindi mo ba ginaganapan ang trabaho kung wala kang kwalipikasyon para dito?	<input type="checkbox"/>
(10) Ginagamit mo ba ang mga kagamitang pangkaligtasan nang ayon sa pagtuturo?	<input type="checkbox"/>
(11) Nagsusuot ka ba ng ligtas na kasuotang-pantrabaho?	<input type="checkbox"/>

\* Tala: Mga halimbawa ng pinagbabawal na trabaho: Pag-gamit ng sling para sa crane upang magtaas ng materyales na may timbang na lagpas isang tonelada, at pag-gamit ng crane upang itaas ang materyales na may timbang na limang tonelada.





## ☉ Mga Halimbawa ng mga Aksidenteng Pang-industriyal na Kinasasangkutan ng mga Interno (kadalasang sanhi ng mapanganib na gawi)

### ☉ Pagtatrabaho sa makinang pang-press habang nakapatay ang mga kagamitang pang-kaligtasan


Paglalarawan	<p>(1) Ang manggagawa ay nagpapaandar ng makinang pang-press gamit ang makinang “pedal-type 100 tonne press machine”</p> <p>(2) Dahil gusto niyang mapabilis ang trabaho, pinatay niya ang kagamitang pangkaligtasan. Habang naglalagay siya ng materyales gamit ang kaliwang kamay, tinatanggal naman niya ang produkto gamit ang “magnet tool” gamit ang kanang kamay.</p> <p>(3) Sa kanyang pagtatrabaho, napindot niya ang pedal bago matanggal ang kanyang kamay, at ang mga daliring naghahawak sa “magnetic tool” ay naipit sa pagitan ng mga hulmahan.</p>
Mahalaga	<p>(1) Huwag patayin ang mga kagamitang pangkaligtasan habang nagtatrabaho.</p> <p>(2) Unawain ang kahalagahan ng pagtatrabaho nang may mga kagamitang pangkaligtasan.</p>

### ☉ Paglimot na patayin ang makinang pang-press habang sinusuri at nililinis ang makina

Paglalarawan	<p>(1) Bago suriin at linisin ang makinang pang-press, nalimutan ng manggagawa na patayin ito. Nasagi niya ang pindutan nang hindi sinasadya, gumalaw ang slide, at naipit ang kanyang mga daliri.</p>
Mahalaga	<p>(1) Tiyaking nakapatay ang makina bago ito suriin at linisin.</p> <p>(2) Tiyaking sundan ang mga pamamaraan sa trabaho.</p>

### ☉ Mapuwing ng materyales habang tinatapos ang trabaho.

Paglalarawan	<p>(1) Isang manggagawa ang nakaramdam ng sakit sa mata habang tinatapos ang trabaho at kumunsulta sa doktor sa mata.</p> <p>(2) Bagama't nakasuot siya ng salaming-pananggalang, ipinalagay na may mga maliliit na butil na nakapasok sa munting puwang.</p>
Mahalaga	<p>(1) Maraming mga kaso ng pagkapuwing ang madalas na mangyari – habang gamit ang gilingan o bentilador, kaya't tiyaking tama ang pagkakasuot ng salaming-pananggalang.</p> <p>(2) Bagama't bahagyang pinsala lamang, huwag itong isawalang-bahala. Agad na pumunta sa ospital.</p>



Gamitin nang wasto ang nakatakdang kagamitan.

Magsuot ng salaming-pananggalang habang tinatapos ang trabaho.



# Q5

## Anu-ano ang mga batayan ng ligtas na pagtatrabaho?

Sundan ang mga paraan sa pagtatrabaho



Mga Paraan sa Pagtatrabaho

Sundin ang mga pamantayan sa pagpapaandar



Helmet na pangkaligtasan


Tapong pang-tenga

Ibutones ang mga manggas

Sapatos na pangkaligtasan

Magsuot ng damit-pangtrabaho

【Uriin】



Metal na basura

【Tuwirin】



【Kuskusin】



【Ilagay sa pamantayan】



【Bigyang-lakas】



OK!

## ©Mga Batayan sa Pagtatrabaho nang Ligtas

### 1) Pagsunod sa mga patakaran sa trabaho

- a) Mahigpit na sundin ang mga nakatatag nang pamamaraan ng trabaho, o modelo ng trabaho, at huwag gumamit ng ibang pamamaraan. Bukod sa lahat, unawain ang kahalagahan ng mga kagamitang pangkaligtasan at huwag alisin o patayin ang mga ito.
- b) Pag-aralan at pakasanayin ang mga pamamaraan ng trabaho ayon sa nakasulat sa manwal.
- c) Sundin ang mga nakaugnay na batas at pamantayan sa lugar-trabahuhan ukol sa mga dapat gawin at hindi gawin para sa kaligtasan.
- d) Kung mayroong anumang hindi nauunawaan sa mga pamamaraan sa trabaho, huwag manatiling tahimik. Magtanong sa superbisor.
- e) Iwasan ang pinsala dulot ng labis na pagtitiwala sa sarili. Huwag kumilos nang magaspang o padalos-dalos.

### (2) Mahigpit na sundin ang 5S

- a) Suriin  
Suriin ang mga bagay na kailangan at di-kailangan, at itapon ang mga hindi kailangan.
- b) Sinupin  
Sinupin ang mga kailangang bagay upang maging madali ang paggamit ng mga ito.
- c) Simutin  
Simutin ang mga dumi o kalat, at pamalagiin ang kalinisan ng kapaligiran.
- d) Siguraduhin ang kalinisan  
Siguraduhing malinis ang paligid ng makinarya, kagamitan, at mga mesa.
- e) Sariling kusa  
Gamitin ang sariling kusa sa pagsunod sa mga pamantayan.

### (3) Pananamit

- a) Magsuot ng itinalagang damit-pangkaligtasan habang nagtatrabaho.
- b) Ang mga damit-pangtrabaho ay nararapat na kasya at maginhawa.
- c) Isarado ang manggas at iparag-an ang kamiseta sa pantalon.
- d) Huwag magtatrabaho habang may matatalim na bagay, destornilyador, barena, atbp. sa loob ng bulsa.
- e) Huwag magsuot ng kurbata, tuwalya, o bandana o anuman sa leeg na maaaring maipit sa makinarya.

### (4) Mga kagamitang pananggalang


- Siguruhing wastong magsuot ng nararapat na kagamitang pananggalang tulad ng helmet.

### (5) Iba pa


- Pamalagiing maayos na ilagay ang mga gamit, materyales, at produkto sa paligid ng makinarya.
- Siguruhing matibay na nakatago ang mga gamit at materyales upang hindi ito magkahulog o magkahiwa-hiwalay.

# Q6

## Anong mga pagsusuri ang dapat gawin bago simulan ang pagtatrabaho?



Muling pagsusuri sa panloob na bahagi ng hulmahan



Pagsusuri bago gamitin ang makina

## ©Paliwanag tungkol sa Pagsusuri bago Simulan ang Trabaho

### Pagsusuri ng loob at mga bahagi sa paligid ng hulmahan bago simulan ang trabaho

#### (1) Mga Detalye ng Pagsusuri

Mga Bagay	Lagyan ng tsek dito kung totoo
a) Nakakabit ba nang maayos ang pang-itaas at pang-ibabang hulmahan?	<input type="checkbox"/>
b) Wala bang anumang dumi ang hulmahan, palihan, at ulo ng makina?	<input type="checkbox"/>
c) Nakakabit ba ng mabuti ang hulmahan? →Mayroon bang mga puwang o maluwag ba ang pagkaka-turnilyo?	<input type="checkbox"/>

#### (2) Pamantayan matapos ang pagsusuri

- Sakaling matuklasan mong di nakalagay nang maayos ang hulmahan, may mga lamat, mahirap matanggal ang mga tira-tirang materyales, o ano pang ibang problema, tawagin ang superbisor at sundin ang kayang utos.

### Muling pagsusuri bago gamitin ang makina

#### (1) Detalye ng pagsusuri

Mga Bagay	Lagyan ng tsek dito kung totoo
a) Gumagana ba ang mga kagamitang pang-kaligtasan at nakakabit ba nang maayos ang mga takip?	<input type="checkbox"/>
b) Matibay ba at tama ang pagkaka-kabit ng hulmahan? →Mayroon bang kakaibang ingay, pag-kaskas, pag-galaw, atbp.?	<input type="checkbox"/>
c) Tumitigil ba nang tama ang Slide sa gitnang taas?	<input type="checkbox"/>
d) Agad bang tumitigil ang Slide kapag tinatanggal mo ang iyong kamay sa pindutan ng "Start"?	<input type="checkbox"/>

#### (2) Mga sukatan matapos ang pagsusuri

- Kung may matuklasang anumang problema, tawagin ang superbisor, at sundin ang mga utos nito.

### Iba pang mga bagay para sa pagsusuri

#### (1) Mga kagamitang pananggalang, gwantes, at maliliit na kasangkapan

- Suriin kung may pinsala, at kung may matuklasang problema, tawagan ang superbisor.

**(1) Pag-posisyon ng opereytor at mga gagamitin sa pag-press**


- Pinakamainam na tumayo ang opereytor sa harap ng makina at ang mga gagawin pa lang na materyales ay nasa kaliwa, samantalang ang mga produkto ay nasa kanan, upang ang maging daloy ng pag-gawa ay mula sa kaliwa papuntang kanan. Mahalaga ang mga sumusunod na punto tungkol sa pag-posisyon:

- Nararapat na maginhawa ang tindig ng opereytor, at mahinahon at malinaw ang kanyang pag-iisip habang nagtatrabaho.
- Ilagay ang mga materyales sa lugar na madaling abutin.
- Tiyakin na madaling matatanggal ang mga na-press na produkto sa hulmahan.
- Maglaan ng lugar para sa mga produktong na-press.

**(2) Mga hakbang sa paghulma**

- Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

- Kumuha ng isang piraso ng materyales
- Maingat na ilagay sa hulmahan gamit ang dalawang kamay. Tiyaking nakalagay ang mga pananda upang maging ligtas at madali ang paglalagay ng mga ito.
- Gamitin ang dalawang kamay. Pindutin nang sabay ang "Start"
- Tiyaking tumitigil ang Slide nang maayos.
- Tanggalin ang natapos nang produkto gamit ang dalawang kamay, at ilagay ito sa nakatakdang lalagyan.



# Q8

## Anu-ano ang mga dapat bigyang-pansin habang nagtatrabaho?

### (1) Mga kailangang pag-ingatan habang nagtatrabaho


· Bantayan ang mga di-pangkaraniwang pangyayari habang nagpe-press:

Mga Bagay	Lagyan ng tsek dito kung totoo
a) Mayroon bang mga di-pangkaraniwang tunog?	<input type="checkbox"/>
b) Mayroon bang di-pangkaraniwang init na nalilikha?	<input type="checkbox"/>
c) Mayroon bang di-pangkaraniwang amoy?	<input type="checkbox"/>
d) Mayroon bang di-pangkaraniwang paggalaw ang makinarya?	<input type="checkbox"/>
e) May gasgas ba ang makina dahil sa kakulangan ng tamang pampadulas?	<input type="checkbox"/>
f) Natatapon ba nang wasto ang kalat?	<input type="checkbox"/>
g) May pumapasok bang kakaibang materyales sa daloy ng trabaho?	<input type="checkbox"/>
h) Isa-isa ba ang paglalagay mo ng materyales?	<input type="checkbox"/>
i) Mayroon bang di-pangkaraniwang pangyayari sa mga produkto?	<input type="checkbox"/>

### (2) Pagtugon sa mga di-pangkaraniwang pangyayari

· Kung may mangyaring di-pangkaraniwan, agad sundin ang mga sumusunod na alituntunin:

- a) Pindutin ang "emergency stop" at pahintuin ang makina.
- b) Suriin kung lubusang nakahinto ang makina, at agad na iulat sa superbisor
- c) Tutugon ang superbisor, o kayong dalawa ng superbisor, ayon sa nararapat na hakbang.
- d) Bubuksang muli ng superbisor ang makina.



### (1) Pagsusuri ng produkto

- Suriin kung ang mga produkto ay lubos nang magaling bago ito isama sa kargamento. Suriing mabuti kung may mga gasgas at lamat.
- Kung may makitang sira sa produkto, huminto sa ginagawa at ipagbigay-alam ito sa superbisor.

### (2) Karagdagang gawain


- Bigyang-pansin ang mga sumusunod na gawain na kaugnay ng pag-press:

- Palagiang linisin ang kalat at linisin ang lugar-trabahuhan.
- Agad na punasan ang anumang langis sa lugar ng trabaho.
- Palaging pagalawin ang mga materyales at produkto
- Makipag-usap sa kasama nang malayo sa makinarya.
- Kung kailangang iwan nang panandalian ang makinarya, tiyaking pahintuin ito sa pamamagitan ng pagpatay sa motor.

### (3) Mga kailangang gawin pagkatapos ng pag-press

- Bigyang-pansin ang mga sumusunod na gawain pagkatapos ng pag-press.

- Patayin ang motor.
- Linisin ang makinarya, mga kagamitan at lugar-trabahuhan.
- Ibalik ang mga materyales, kasangkapan, at mga produkto sa itinalagang taguan.
- Ipagbigay-alam sa superbisor kapag nagampanan na ang mga gawaing nabanggit sa itaas.



Mga alituntunin sa pag-iwan ng makinarya o lugar-trabahuhan



# Q10

## Anu-anong mga klase ng pag-iingat ang kailangang gawin sa kapaligiran ng trabaho?

### Ingay at paghina ng pandinig

- (1) Mga kalagayan kung saan ginagawa ang pag-press
- Ang mga gawaang gumagamit ng press ay lubhang maingay.
  - Ang pananatili sa maingay na paligid sa mahabang panahon ay maaaring makapagdulot ng pagkabingi. Marapat lamang na iwasan ito.
- (2) Mga hakbang laban sa maingay na paligid
- Sa mga lugar na may sobrang ingay, gumamit ng proteksyon gaya ng tapon sa tainga o panakip sa tainga.

### Pag-iwas sa pinsala sa likod

- (1) Mga Kalagayan sa Pagpe-press
- Ang pagbubuhat ng maraming materyales at produkto ay bahagi ng paghahanda sa pagpe-press
  - Ang pagbubuhat, lubhang pagpilipit ng katawan, at biglaang pagkilos ay bahagi ng manomanong paggalaw ng mga bagay, at maaaring makapwersa sa likod ng katawan at magdulot ng sakit nito. Kaya kailangang mag-ingat.
- (2) Mga hakbang upang maiwasan ang pinsala sa likod
- Tumalungko bago magbuhat ng mga bagay.
  - Sunod, i-pwesto ang sarili nang malapit sa gitna ng bigat ng bagay, at buhatin ito.
  - Ang pagpapanatilig ng wastong tindig habang nagtatrabaho ay ang pinakamabisang paraan upang maiwasan ang pinsala sa likod.



Gumamit ng nararapat na gamit-pangkaligtasan gaya ng tapon sa tainga.



Paraan ng pagbubuhat ng mabibigat na bagay

# Q11

## Paano ka tumugon sa sakuna?

### Mga dapat gawin sa oras ng sakuna

- (1) Kung makatuklas ng sakuna, siguraduhin munang alamin ang mga pangyayari.
- (2) Ipagbigay-alam agad sa superbisor at mga ka-trabaho.
  - Mahalagang alamin kung paano ipaliwanag sa wikang Hapon ang sakuna.
- (3) Makipag-ugnayan sa mga katrabaho sa pagsasagawa ng aksyong iniaatang ng superbisor.
  - Huwag kumilos mag-isa.
- (4) Pagkalipas ng sakuna, ipaliwanag sa superbisor ang mga pangyayari.

### Paglikas at pagsasanay para sa pag-iwas sa sakuna

- (1) Sakaling magkaroon ng pagsabog o sunog, ipagbigay-alam sa mga malapit na tao at lisanin ang lugar ng panganib. Siguraduhing ilawan ang mga lagusang palabas kung magkaroon ng "blackout".
- (2) Regular na dumalo sa mga pagsasanay para sa pag-iwas sa sakuna, upang matuto ng tamang pagtugon sa sakuna at mga paraan ng paglikas.



### Ipagbigay-alam agad sa mga kasama

Kung hindi gumagana nang tama ang makinarya, ipagbigay-alam agad sa pinuno at mga kasama sa paligid!

Halimbawa

レバーがぐらぐらします  
The lever is wobbling.  
Maluwag ang hawakan.

あかいランプがついています  
The red light is on.  
Nakasindi ang pulang ilaw.

ランプがてんめつしています  
The light is flashing.  
Kumikislap-kislap ang ilaw.

へんなにおいがします  
There is a strange smell.  
May di-pangkaraniwang amoy.



へんなおとがします  
It makes a strange noise.  
May di-pangkaraniwang ingay.

あおいランプがきえています  
The green light is out.  
Nakapatay ang luntiang ilaw.

さわるとあついです  
It is hot to touch.  
Mainit hawakan.

〇〇がありません  
〇〇 is missing.  
Nawawala ang \_\_\_\_\_.

## Sanggunian (Paliwanag ng mga mahahalagang salitang may kaugnayan sa pag-press)

Salita	Kahulugan ng Salita
◎Slide	· Isang bahagi na itinataas at ibinababa sa pamamagitan ng hawakan o “crank”. Ikabit ang hulmang pantaas sa ilalim ng slide.
◎Palihan	· Pinagkakabitang hulma na pambaba
◎Bahagi kung saan nakalagay ang mga pindutan upang makontrol ang operasyon	(1) Dito nakalagay ang pag ON at OFF, paraan ng pagpapagalaw, pag-papalit ng operasyon, at mga pag-pipilian gaya ng pang-isahan o dalawang kamay o pedal para sa paa na operasyon, atbp., pampagalaw at pampahinto ng motor, at mga ilaw na nagpapaliwanag sa kalagayan ng iba't-ibang pindutan. (2) Ang swits ng “Stroke Changeover” at swits na nagpapalit ng operasyon ng makina ay ginagamitan ng susi, at hindi ito mapapagana kung walang susi.
◎Pang-isahang kamay na operasyon	(1) Isang paraan ng pagpaandar ng makina gamit ang isang pag-pindot lamang. (2) Malaya ang isa pang kamay, kaya't marapat lamang na mag-ingat.
◎Operasyong ginagamitan ng pedal sa paa	(1) Umaandar ang makina sa pamamagitan ng pag-tapak sa pedal. (2) Dahil dito, libre ang dalawang kamay para sa paglalagay ng materyales at pagkuha ng produkto, ngunit kung hindi kasabay ng pedal ang mga kilos na ito, may malaking panganib na magkaroon ng aksidente, kaya't kailangang mag-ingat.
◎Klats	(1) Napapagalaw nito ang Slide nang sa pamamagitan ng pagkabit ng flywheel shaft sa crank shaft. (2) Merong dalawang uri ng klats, ang klats na pang-Friction at klats na Positive. (3) Hindi agad natatanggal ang klats na Positive hangga't di natatapos ang isang ikot ng pag-galaw, kaya't hindi maaring biglaang patigilin ang slide, kaya, kailangan ang pag-iingat.
◎Preno	(1) Pinapatigil ang pag-galaw ng slide. (2) Kung humina ang preno, hindi na titigil ang slide sa wastong posisyon, at maari itong lumagpas sa gitnang baba na posisyon, na lubos na mapanganib.
◎Emergency na pampatigil sa makina	· Ang kagamitang ito ay nakapagpapahinto ang pag-galaw ng slide kung may makitang panganib ang opereytor.
◎Isang ulit ng operasyon	· Pagkatapos mapindot ang start, kahit ito ay binitawan na, tatapusin ng Slide nang isang ulit ang operasyon bago bumalik sa mataas na posisyon at tumigil doon. · Ang mekanismo ng pagbalik sa mataas na posisyon ng Slide at pagtigil doon hanggang sa susunod na operasyon ay tinatawag na “isang ulit, isang hinto”.
◎Ligtas na isang ulit ng operasyon	· Ang “ligtas na isang ulit ng operasyon” ay kapag biglaang hihinto ang slide kung bibitiwan ng opereytor ang start habang bumababa ito.
◎Hangganang Kapahamakan	· Ang saklaw ng ginagalawan ng isang Slide o gamit na may talim.
◎Ligtas na layo	· Ang layo sa pagitan ng pindutang may dalawang hawakan o “optical axis” at hangganan ng kapahamakan.
◎Aksidenteng pang-industriya	· Kung sakaling ang manggagawa ay masaktan, magkasakit, o mamatay sanhi ng anumang may kaugnayan sa mga gusali, pasilidad, materyales, anumang uri ng gas, singaw, alikabok, atbp. sa kanyang pinagtatrabahuhan, o bilang resulta ng pagtatrabaho o pagaganap ng kanyang mga tungkulin.

**JITCO**